# Ang Panginoong Jesu-Cristo

## NOTES

## WARM-UP

- Sino ang pinakamagaling na pinuno na nakatrabaho mo? Ano ang nagustuhan mo sa taong ito?
- Ano ang pinakamahirap na desisyon na kinailangan mong gawin? Bakit mo ito ginawa?
- Madali ka bang nahihikayat at naiimpluwensyahan ng ibang tao? Bakit oo o bakit hindi?

**WORD**

*[4]Ngunit nang dumating na ang takdang panahon, isinugo ng Diyos ang kanyang Anak sa mundo. Ipinanganak siya ng isang babae at namuhay sa ilalim ng Kautusan [5]para palayain ang mga nasa ilalim ng Kautusan, nang sa ganoon ay maging anak tayo ng Diyos.* **MGA TAGA-GALACIA 4:4,5**

---

Ang ikalawang bahagi ng Apostles' Creed ay patungkol sa pagiging Diyos at pagiging tao ni Jesus—na Siya ang "iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang tao Siya lalang ng Espiritu Santo, at ipinanganak ni Birheng Maria." Bilang mga Kristiyano, tayo ay naniniwala na si Jesus ay ganap na Diyos at ganap na tao. Siya rin ay ating Panginoon at Tagapagligtas. Ang mga tao ay may iba't-ibang pananaw kung sino si Jesus, subalit sa araling ito, ating titingnan kung ano ang sinasabi ng Bibliya tungkol kay Cristo.

## 1 Si Jesus ay ganap na Diyos.

*. . . dahil ang kapuspusan ng Diyos ay nananahan sa katawan ni Cristo.* **MGA TAGA-COLOSAS 2:9**

Taliwas sa sinasabi ng iba, si Jesus ay hindi lamang basta guro, propeta, o mabuting tao. Si Jesus ay ganap na Diyos. Tanging ang Diyos lamang ang makapagpapatawad ng kasalanan. At kung si Jesus ay hindi Diyos, ang krus ay walang kakayahang makapagligtas, sapagkat kailangan ng buhay na walang kasalanan upang iligtas tayo at pagbayaran ang kaparusahan ng ating mga kasalanan. Maaari ba nating matanggap ang kaligtasan mula sa iba? (Mga Gawa 4:12)

## 2 Si Jesus ay naging ganap na tao.

*Ngunit nang dumating na ang takdang panahon, isinugo ng Diyos ang kanyang Anak sa mundo. Ipinanganak siya ng isang babae at namuhay sa ilalim ng Kautusan . . .* **MGA TAGA-GALACIA 4:4**

Si Jesus ay naging ganap na tao. Batay sa Juan 1:14, si Jesus ay nagkatawang tao at nanirahang kasama natin. Kung si Jesus ay hindi naging tao, hindi Niya magagawang kumatawan para sa atin. Kinuha ni Jesus ang anyo ng tao upang iligtas tayo sa ating mga kasalanan (Hebreo 2:14). Bagama't si Jesus ay nanatiling ganap na Diyos, sinasabi sa Bibliya na Siya ay nagpakumbaba at hindi niya itinuring ang pagiging kapantay ng Diyos upang manirahan kasama natin (Mga Taga-Filipos 2:6). Maaari Siyang manatiling Diyos, subalit, pinili Niyang maging tao gaya natin, upang matanggap natin ang handog Niyang kaligtasan. Paano ipinakita ni Cristo ang Kanyang pagsunod sa Ama? (Mga Taga-Filipos 2:8)

## 3 Si Jesus ay Panginoon at Tagapagligtas.

*[3]Sumainyo nawa ang biyaya at kapayapaang galing sa Diyos Ama at sa ating Panginoong Jesu-Cristo. [4]Inialay ni Cristo ang sarili niya para sa mga kasalanan natin, ayon sa kalooban ng ating Diyos at Ama. Ginawa niya ito para maligtas tayo sa kasamaan nitong kasalukuyang mundo.* **MGA TAGA-GALACIA 1:3,4**

Sinasabi sa Bibliya na si Jesus ay parehong Panginoon at Tagapagligtas. Hindi natin maaaring piliin kung ano lamang ang gusto natin tungkol sa Kanya. Ang pagiging Kristiyano ay hindi tungkol sa pagkakaroon ng walang buhay na pananampalataya, o kaya ay hindi ganap na pagpapasakop. Ito ay tungkol sa masigasig na paglapit sa Diyos at ganap na pagpapasakop sa Kanya sa lahat ng aspeto ng ating buhay. Si Jesus ay hindi lamang dapat na maging bahagi ng ating buhay; Siya ang dapat na namamahala sa atin. Ano ang dapat nating gawin ngayon na natanggap na natin si Cristo? (Mga Taga-Colosas 2:6)

## APPLICATION

- Si Jesus ba ay iyong Panginoon at Tagapagligtas? Paano makaaapekto ang katotohanang ito sa iyong buhay?
- Ano ang iyong gagawin upang mamuhay kasama ang Diyos at sumunod sa Kanya araw-araw?
- Paano binago ni Jesus ang iyong buhay? Sino ang maaari mong masabihan tungkol kay Jesus ngayong linggo?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos para sa sakripisyo ni Jesus sa krus. Pasalamatan ang Diyos sa kaligtasan na mayroon ka dahil kay Jesu-Cristo.
- Ipanalangin na lagi kang susunod sa Diyos at magpapasakop kay Jesus bilang iyong Panginoon. Hingin sa Diyos ang kakayahan at kalakasan upang laging manatili sa gitna ng Kanyang kagustuhan sa iyong buhay?
- Ipanalangin na magawa mong maibahagi ang ebanghelyo nang buong tapang o lakas ng loob, sa pamamagitan ng kakayahan mula sa Diyos.

VICTORY

© 2016 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph